

Neo at Iba Pang Tula

Paul Alcoceba Castillo

BILLBOARD

May gabing gaya nito na ayaw ko pang dumating
sa uuwian tuwing dumaraan dito,
ang pagod parang nawawala
kapag nakikita na kita.

Ang mukhang kinikilatis kahit kilalang-
kilala naman. Paanong nananatili ang liwanag
ng mga ilaw? Paanong nililisan ng malalalim na linya
ang kutis? Hanggang saan babatakin
ang batas ng kabataan? Lahat ng ipinangakong
magiging akin.

Sa paggalaw ng trapiko, walang tinag
ang titig dahil bukas maaaring
palitan ang modelong ipapaskil.

Uusad ang lahat ngunit mauuwi lamang ako
na walang maiuwi.

ASETIKO

At hindi nagtagal, nakita ko
ang sarili, sumasalubong sa akin.

Nagawa kong hawiin ang dagat
ng mga nakaharang sa bangketa
nang dumaaan ako. Ngayon, hindi na

maaaring umiwas sa paparating.
Sinusubok umiwas na makatagpo
ang kaniyang paninging hindi nais
gayong nakikita ko na

ang nasa harap mula sa nakaraan.
Inihahakbang ang talampakang

nagkukubli sa mga kalyo
habang nahuhubad na
ang maluwig na salawal, nakakapit
na libag sa balat, at buhok
na nabuhol—ang paalala

ng dating katawang pinabayaan sa nasang
makawala sa lahat ng pagnanasa.

Ang pagtangga sa ginhawang
inakalang natatangi.

GUHIT

Ang hindi inasahan, walang gustong maunang
magpukol ng batong tangan ng kanilang mga kamao.
Umusad sila sa pagmartsa ngunit nanatiling
nakatindig ang hindi natitinag na barikada.
Hanggang may naghagis ng lupang
matagal nang idinadaing.
At walang nakailag sa sumambulat na paratang.

Pagdating sa hanggahang itinakda,
kumitid ang pasensiyang pumapagitna
sa magkabilang panig.
Pilit na iginigitgit ang mga katawan
sa pagitan ng mga pananggalang
na tinatablan pala
ng hindi nakikitang panama.

Patuloy ang batuhan ngunit sila
at sila lamang ang nagsasakitan.

ANG SINASABI

Sa gitna ng lansangan, pumuwesto siya at ikinalat
ang balitang makabubuti sa lahat ng nagdaraan.

Walang nakalalampas nang hindi inaalok na
mabubusog ng mga sasabihin niya.

Kaunti pa't isusubo na niya
sa bibig ng susunod na tatanggi, tatabig

sa kamay na iniaabot niya. Abot-
tanaw ang di nakikitang laman-tiyan,

kaya lumapit ako bago siya lumipat ng lugar.
Pinulot ko lahat ng pirasong nahulog sa aspalto.

Inilagay sa bibig. Sinusubo kahit ang nalawayan,
ang iniluwa. Nagawa kong kainin

ang galing sa basura, masisikmura ko ito.
Susunggaban ko ang sunod na lalabas sa kaniyang bibig.

NEO

Natagpuang walang buhay sa bangketa ng Tondo, Maynila si Horacio Castillo III, dalawampu't dalawang taong gulang at nasa unang taon ng kursong abogasya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Masama ang loob ng kaniyang inang hindi kailanman pinagbuhatan ng kamay ang anak na nasisiguro niyang napaslang ng umanong hazing ng Aegis Juris matapos makitang puno ng pasa ang labi ng anak na wala raw talagang balak sumali sa fraternity.

1

Tiyak na hindi mo nabilang ang bigwas
na dumapo habang ang katawa'y hubad

sa bawat pananggang makapagtatanggol
sa sariling walang naibatong kuyom

na palad pabalik sa nakapalibot
na berdugong salit-salitang umubos

sa oras na takda hanggang sa sandaling
iyong naalalang hindi ka hihindi.

Kamao'y tinanggap nang walang reklamo
pagkat binabawal umangal ang bago

kaya pinigil mo ang mga salitang
batid mong pahamak sa nagsisimula.

2

Kahit sampalin ka'y hindi nagawa ng iyong inang
hinintay kang makauwi. Sa halip, ang pangangamba

ang kumatok at nagdala ng iyong gamit sa bahay
na parang kakilala na ngunit ngayon lang dumalaw

gayong ika'y kailangang sunduin sa punerarya
nang magdamagang nawala't matagpuan sa bangketa.

Walang nakapagsalaysay kung paanong napadali
ang iyong buhay sa kamay ng tumangging ipauwi

ang iyong bangkay. Kung alam ng amang mapapalapit
kang tuluyan sa panganib, di ka niya ihahatid.

3

Batid mo ang init ng bawat pumatak
mula sa kandilang gumuhit sa balat

bago pa tumalab ang bisa ng kredong
dadalhin mo hanggang sa kabilang dako

gayong mas mabilis tumulo ang sakit
kaysa sa salitang pilit na sinambit:

*Walang inhustisyang dapat na ipataw
nang hindi patawan pabalik ng bitay.*

Binigkas mong lahat upang makasapi
at haraping ika'y hindi natatangi.

Nais mo lang maging bahagi't karamay
sa simula't wakas nitong kapatiran.

Sayang, hindi mo nakitang dumagsa ang nagsitirik
ng liwanag sa gusali ng pinasok mong panganib

mula nang unang basagin sa telebisyon ang ulat
ng napaagang pagpanaw ng matagal nang pangarap

na pag-aralan ang batas. Ni ang kapusin ng tulog
habang nag-aapuhap ka ng tugong paikot-ikot

sa tanong ng guro'y waring hindi mo pa nadarama.
Labis sa unang semestre ang singil na matrikula

nang ikaw ang pinagbayad kahit walang naging sukli.
Ikaw ang utang na tanging hinintay lang na masawi.

Tandang-tanda ng bumbero paano niyang sinagip
mula sa bubong ng takot at naibaba ang paslit.

Ikaw, na minsang naligtas ay walang katakas-takas
sa patubuang naghintay na kunin ang iyong palad.

5

Damhin mo ang bawat lagapak ng hampas
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

Ang paddle ang iyong magiging pagbagsak
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

Tuloy ang paghataw hanggang walang hudyat
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

Ititigil lamang ng nakatataas
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

Huli nang malamang kapatid mo'y huwad
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

Mapapaslang ka lang ng tinawag mong brod
(pagkat kapatiran ang simula't wakas).

6

Wala ka pang isang taon, iyo nang sinisigurong
bubuo ka ng ugnayang magpapanalo sa kaso

pag ganap nang abogado; kung kanino ba lalapit
o kung sino mang padrino ang tutulong kung sumabit.

Walang abogado't hukom ang magtatangkang umaming
hubad din nilang dinanas ang palo't bangis ng hazing.

Sila, na dapat nagtulak sa iyong makapaglingkod
sa bayan, ang naglilihim sa pangarap mong nilagot.

May silbi ba ang pagdulog sa naglalaro ng batas
kung paanong katawan mo'y sa kalye ibinalagbag?

7

Umabot ang kaso na biglang dininig
ng pangulong gabi't araw ginagahis

ang lungsod na patay ang nasa kalsada:
bulatang katawang walang kikilala.

Habang sa senado, muling isinalang
ang bawat kasangkot kahit napaparam

ang ama't ina mo sa paulit-ulit
nang salaysay, kunwa'y isang paglilitis.

Wala mang napiit sa mga kasapi
pagkat kapatira'y hindi mababali.

Kung may babaligtad ay matitiwalag.
Ito, hanggang wakas, ang sagradong batas.

8

Maging ika'y nagulantang na nanatiling malaya
ang pumaslang sa umano'y dalawang nanlabang bata.

Kaya ika'y nanindigan at dali-daling tumutol
sa laganap na pagpaslang at kawalan ng paghatol.

Ngunit higit na mabilis ang hukumang nambabaril
kaysa mga mambabatas na nanggisa sa salarin.

Sadya ngang matutulad ka kina Kian't Carl Angelo,
mga bagito sa mundong nagkalat na ang berdugo.

9

Magtaka ka kung paanong sa bangketa ka napadpad
—at pagkamalang biktima nang magpatrulya ang dahas.

Ito ang napagpulangan ng nagkaisang miyembro
—pagkat ikaw ang baguhang wala sa kanilang plano.

Huwag kang mag-aalalang mayroon pang isusunod
—hindi ikaw ang naunang napaslang ng pambubugbog.

10

Nang huli tayong mag-usap, lingid sa akin ang balak
na tutungo ka sa landas na marami nang tumahak.

Larawan mo ang bumungad nang matunghayan ang ulat
na humakbang ka sa hila ng lunang walang liwanag.

Sa panulukan ng Tondo, nakita kang nakalagak
nang tinungo mo ang landas na marami nang tumahak.

At kunwa'y hindi kilala ng tumulong at bumuhat
sa paghakbang mo sa hila ng lunang walang liwanag.

Ang pagkamatay mo'y hindi tatawaging pagkalagas
sa pagtungo mo sa landas na marami nang tumahak.

Paglapit sa hukay, waring nagkamali ka sa sukat
ng bawat hakbang sa hila ng lunang walang liwanag.

11

Pasya mo'y mabilis nilang kinaladkad
upang patunayang hindi ka naduwag.

Kaya napatid na ang inyong pangalan
pagsalang sa bingit ng muling pagsilang:

Sa huling hampas ka tuluyang nadapa
gayong walang aral nang ika'y magtanda

dahil nabatid mong walang naituro
ang inang nagtimping magpataw ng palo.